**GAWAIN:** Basahin ang teksto at bilugan ang titik ng tamang sagot sa bawat bilang.

**Maraming basura ang makikita at makokolekta sa ating mga dagat at karagatan. Mga plastik, botelya, sachet, diyapers, at iba pang klase ng basura. Ito ay dulot ng maling pagtapon ng basura, at hindi pagsunod sa tamang paraan ng pagtapon ng ating mga basura. Dahil dito ay namamatay ang mga isda sa dagat. Nagiging marumi rin ang karagatan at hindi na ligtas para sa mga tao. Dahil dito, maraming mga *clean-up* na ginagawa ang gobyerno para malinis ang karagatan upang maging ligtas ito hindi lang para sa mga tao, kundi pati na rin sa mga isda.**

1. Ano ang problema sa ating binasang teksto?
   A. bagyo
   B. baha
   C. basura
   D. polusyon

2. Sa ating binasang teksto, saan makikita at makokolekta ang mga basura?
   A. sa dagat
   B. sa ilog
   C. sa kanal
   D. sa sapa

3. Ano ang masamang epekto ng mga basura sa karagatan?
   A. Maraming tao ang lumalangoy sa dagat
   B. Namamatay ang mga isda sa dagat
   C. Dinarayo ng mga turista ang dagat
   D. Dumarami ang mga isda sa dagat

4. Alin sa sumusunod ang hindi dahilan ng masamang epekto ng basura sa dagat?
   A. Hindi na ligtas para sa mga tao
   B. Nagiging malinis ang karagatan
   C. Nagiging marumi rin ang karagatan
   D. Mamamatay ang mga isda at iba pang nabubuhay sa dagat

5. Ano ang naging solusyon sa ating binasang teksto?
   A. Maraming mga *clean-up* na ginagawa ang gobyerno para malinis ang karagatan
   B. Nanatiling madumi ang karagatan
   C. Madalas pa rin magtapon ng basura sa dagat
   D. Nagsagawa ng pagpasabog ng karagatan

LIVEWORKSHEETS